**Treasurer & Tax Collector**
CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO

**José Cisneros**
TREASURER

**Webinar sa Buwis sa Mga Bahay na Walang Nakatira**

Setyembre 18, 2024, nang 3 pm.

Magparehistro sa:
sftreasurer.org/EmptyHomes

## ABISO SA IMPORMASYON – Buwis sa Mga Bahay na Walang Nakatira (Empty Homes Tax)

Natanggap mo ang sulat na ito dahil maaaring kailangan mong maghain ng pahayag ng Buwis sa Mga Bahay na Walang Nakatira simula 2025. Ang sumusunod na impormasyon ay para tulungan kang maunawaan ang Buwis sa Mga Bahay na Walang Nakatira at para magbigay ng mga sanggunian para sa iyo upang matuto pa. Maaaring makatanggap ka ng maraming sulat kung nagmamay-ari ka ng higit sa isang Residensyal na Yunit na napapailalim sa buwis na ito.

**Ano ang Buwis sa Mga Bahay na Walang Nakatira?**
Ang Buwis sa Mga Bahay na Walang Nakatira ay isang buwis sa pagpapanatiling bakante ang ilang partikular na Residensyal na Yunit nang higit sa 182 araw (humigit-kumulang anim na buwan) sa isang taon ng kalendaryo. Inaprubahan ang buwis ng mga botante sa San Francisco noong 2022 at nagkaroon ito ng bisa noong Enero 1, 2024.

**Kailangan ko bang maghain at magbayad ng Buwis sa Mga Bahay na Walang Nakatira?**
Kung nagmamay-ari ka ng residensyal na yunit sa isang gusaling may tatlo o higit pang yunit, sa pangkalahatan, kailangan mong maghain maliban kung pangunahing lugar ng tirahan mo ang yunit, at mayroon kang may-bisang Pagbubukod ng Mga May-ari ng Bahay (Homeowners' Exemption) para sa buong taon ng paghahain ng buwis. Sa paghahain, hindi nangangahulugang kailangan mong bayaran ang buwis, pero nagbibigay ito ng impormasyon sa aming tanggapan para tukuyin kung magkano, kung mayroon man, ang kailangan mong bayaran.

**Kailangan ko bang maghain kung nagmamay-ari ako ng pang-isahang pamilya na bahay o duplex?**
Kung nagmamay-ari ka ng bahay na pang-isahang pamilya o duplex, may pagbubukod ka mula sa buwis sa mga pag-aaring iyon at hindi mo kailangang maghain. Isa itong bagong buwis, kaya kung sa tingin mo ay may pagbubukod ka mula sa paghahain o pagbabayad ng buwis at nakatanggap ka ng abiso mula sa aming Tanggapan, kailangan mong tumugon sa abiso at ipaalam sa amin na may pagbubukod ka.

**Nagmamay-ari ako ng condo sa isang gusaling may 10 yunit at nakatira ako dito sa buong 2024. Kailangan ko bang maghain?**

Kung mayroon kang may-bisang Pagbubukod ng Mga May-ari ng Bahay at pangunahing lugar ng tirahan o ang yunit para sa buong taon, hindi mo kailangang ihain ang Buwis sa Mga Bahay na Walang Nakatira para sa yunit na ito. Gayunpaman, dapat kang tumugon sa anumang abisong natatanggap mo mula sa aming tanggapan. Alamin pa ang tungkol sa Pagbubukod sa Mga May-ari ng Bahay at kung paano mag-apply sa sfassessor.org.

**Kailan ko kailangang maghain?**

Ang unang paghahain para sa karamihan ng mga may-ari ay nakatakda simula **Abril 30, 2025**. Magpapadala ang aming tanggapan ng mga abiso sa unang quarter ng 2025. Gayunpaman, kailangan mong maghain kahit na hindi ka makatanggap ng abiso at maaaring mapailalim ka sa mga multa kung hindi mo ito gagawin. Tandaan, kung nakatanggap ka ng abiso, kailangan mong tumugon.

**Paano Kinakalkula ang Buwis sa Mga Bahay na Walang Nakatira?**

Kung bakante ang yunit mo sa 2024 nang higit sa 182 araw, kailangan mong magbayad ng mga buwis batay sa laki ng yunit ayon sa mga sumusunod:

| Square Footage ng Residensyal na Yunit | Rate ng Buwis sa 2024 |
|---|---|
| Mas mababa sa 1,000 | $2,500 |
| 1,000 hanggang 2,000 | $3,500 |
| Mas malaki sa 2,000 | $5,000 |

Mayroong higit pang impormasyon sa sftreasurer.org/EmptyHomes kasama ang video na may impormasyon, at presentasyong available sa Spanish, Chinese, at Filipino.

Kung mayroon kang mga tanong o kailangan mo ng higit pang tulong, maaari mong isumite ang tanong mo sa elektronikong paraan sa **sftreasurer.org/help-center** o **tawagan ang 311** (sa loob lamang ng San Francisco) o **415-701-2311.**